

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Agosto 25, 2020

Pakikipag-ugnay: Cynthia Bautista, Senior Librarian ng Mga Serbisyong Pangkabataan at Pangpamilya, Pamublikong Aklatan ng Long Beach, [Cynthia.Bautista@lbpl.org](mailto:Cynthia.Bautista@lbpl.org), 562.570.6645

Para sa Agarang Pahayag

## **Ipinakikilala ng Pamublikong Aklatan ng Long Beach ang Virtual na Programa sa Maagang Literasiya**

Long Beach, CA - Ang Pamublikong Aklatan ng Long Beach (LBPL, inisyal sa Ingles) ay naglulunsad ng isang virtual na bersyon ng maagang programa sa literasiya, “Sumisid Sa Pagbasa,” na magsisimula ng live sa [Facebook page ng LBPL](#) 10:30 ng umaga sa Sabado, Agosto 29.

“Sumisid sa Pagbasa,” ang inisyatiba sa literasiya ng aklatan para sa mga pamilyang may mga anak na edad 5 taong gulang o pababa, ay naghihikayat sa mga pamilya na magbasa ng 1,000 libro nang magkasama bago pumasok ang kanilang anak sa kindergarten. Masusubaybayan ng mga pamilya ang kanilang progreso sa pamamagitan ng [Beanstack](#), ang digital na plataporma ng pagbabasa ng aklatan.

“Habang ang pag-aaral ay ginawang online sa panahon ng pandemya, ginagawa ng mga pamublikong aklatan ang pag-aaral at pagbabasa ng mas masaya sa pamamagitan ng pag-aalok ng isang online na interaktibong bersyon ng aming maagang programa sa literasiya,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Masaya akong makita ang programa ay magpapatuloy habang ang mga sangay ng aklatan ay nananatiling sarado dahil sa krisis sa kalusugan ng publiko.”

Ang “Sumisid Sa Pagbasa” ay isang hamon sa sarili kung saan ang mga pamilya ay maaaring makakuha ng mga premyo at lumahok sa mga kaganapang pang-edukasyon habang natutugunan ang kanilang layunin na 1,000-libro. Mula nang ilunsad noong Abril 2018, sa pagpopondo mula sa LBPL Foundation, 736 na mga pamilya ang lumahok at 56 na mga pamilya ang nakakumpleto ng hamon.

“Ang layunin ng ‘Sumisid Sa Pagbasa’ ay paunlarin ang maagang kasanayan sa pagbasa at pagsulat na maghahanda sa mga bata na pumasok sa kindergarten na handang matuto,” sabi ni Glenda Williams, Direktor ng Mga Serbisyo sa Aklatan. “Ang pagbabasa ng sama-sama ay nakakatulong sa pagtaguyod ng pakikipag-bonding sa mga magulang at anak at bumubuo ng kumpyansa at positibong karanasan na lumilikha ng habang-buhay na pag-aaral.”

Ang Virtual Launch Party ng “Sumisid Sa Pagbasa” sa Sabado ay magsasama ng isang demonstrasyon sa pag-craft at isang konsyerto ng isang bilingwal na mang-aawit/manunulat ng kabataan na si Nathalia. Ang mga bata ay maaaring sumunod kasama ang demonstrasyon ng pag-craft sa pamamagitan ng pag-pickup ng isang libreng craft kit mula sa Billie Jean King Main Library (200 W. Broadway) mula 10 a.m. hanggan 3 p.m. mula Agosto 25 hanggang Sabado, Agosto 29 hanggang maubos ang mga suplay. Magaganap ang pag-pickup ng craft sa labas ng pangunahing pasukan ng aklatan na may mga protokol sa pisikal na pagdistansya na nasa lugar. Ang mga panakip ng mukha ay kinakailangan para sa mga patron ng aklatan na gustong mag-pickup ng mga kit.

Ang mga pamilya ay maaaring bumisita sa [longbeach.beanstack.org](http://longbeach.beanstack.org) upang mag-enrol sa programa. Ang mga kasalukiyang naka-enrol sa “Sumisid Sa Pagbasa” ay dapat ding bumisita sa website upang mag-enrol sa online na bersyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito o sa iba pang mga programa at serbisyo ng aklatan, ang mga residente ay maaaring bumisita sa [www.lbpl.org](http://www.lbpl.org) o tumawag sa (562) 570-7500 mula 10 a.m. hanggang 5 p.m., tuwing Martes hanggang Sabado.

Mula nang magsimula ang COVID-19 pandemya, ang LBPL ay nagpatuloy na maghatid sa mga residente ng Long Beach online sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga e-book at audiobook, mapagkukunan sa pag-unlad ng trabaho, tulong sa takdang-aralin, mga oras ng virtual na kuwentuhan at makerspace na video ng mga tagubilin.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa [longbeach.gov/COVID19](http://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###